

ISANG PANGKALAHATANG GIYA SA PAGSASALIN NG DUGO

IMPORMASYON PARA SA MGA PASYENTE AT MGA PAMILYA

Pagsasalin ng dugo

Ang pagsasalin ng dugo ay isang paraan kung saan tatanggap kayo ng dugo sa pamamagitan ng paginiksyon sa ugat ng intravenous cannula (IV).

Maaaring mangailangan kayo ng pagsasalin ng dugo kung ang inyong katawan ay hindi makabuo ng ilang bahagi ng inyong sariling dugo, kung ang inyong mga selula ng dugo ay hindi gumagana nang maayos, o kung nawalan kayo ng dugo.

Kadalasan maaaring bawasan o iwasan ang pangangailangan ng pagsasalin ng dugo.

- Pag-usapan ninyo ng inyong grupo ng tagapangalaga ng kalusugan ang pinakamabuting paraan upang gamutin ang anemya (mababa ang bilang o kalidad ng pulang selula ng dugo).
- Kung kayo ay titistisin, pag-usapan ninyo ng inyong grupo ng tagapangalaga ng kalusugan na itigil o pigilin ang ilang uri ng gamot, upang ang panganib sa pagtagas ng dugo ay mabawasan.
- Ang inyong grupo ng tagapangalaga ng kalusugan ay maaaring magmungkahi na kulektahin ang inyong dugo at ibalik sa inyo, sa panahon ng ilang uri ng mas mahalagang pagtitistis.
- Kung kailangan ninyo ng pagsasalin ng dugo, dapat kayong tumanggap lamang ng kakailanganin upang makapagpaginhawa sa inyong mga sintomas. Halimbawa, kung tumanggap kayo ng isang bag ng pulang mga selula ng dugo, kailangan na kayo ay rebyuhin upang malaman kung kailangan pa ng isang bag. Ang isang bag ay maaaring sapat na.

Mga bahagi ng dugo na maaaring kailanganin

Mga pulang selula na magdadala ng oksiheno sa mga tisyu at mga organo ng katawan. Maaaring ibigay ang mga ito kung ang antas ng inyong dugo ay mababa, o kayo ay nawalan ng dugo.

Ang mga platelet ay tulong sa dugo na mamuo at ibinibigay ito upang maiwasan o mapigil ang pagtagas ng dugo.

Ang plasma o malinaw na likido sa dugo ay may mga

katangian na gumagana kasama ang mga platelet upang tulungan ang dugo na mamuo at maaaring ibigay upang maiwasan o mapigil ang pagtagas ng dugo.

Ang ibang mga produkto ng dugo ay ibinibigay sa maraming kadahilanan, halimbawa, upang mapabuti ang sistema ng proteksyon (immune system) o palitan ang ilang mga dahilan ng pamumuo.

Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa pagsasalin ng dugo, mangyaring bisitahin lamang ang www.mytransfusion.com.au

Kung kailangan ninyo ng pagsasalin ng dugo

Kailangang magkaroon kayo ng isang test sa dugo upang malaman kung anong grupo ang inyong dugo at tiyakin na ang uri ng dugo ay makukuha.

Habang nagkakaroon kayo ng test sa dugo, kailangang tumulong kayo na matiyak na ang mga detalye sa porma at ang tubo ay tama at eksaktong magkatugma. Kasama rito ang inyong buong pangalan na binaybay na tama at ang petsa ng inyong kapanganakan.



Pagkakaila

Ang papel pang-impormasyong ito ay para sa layuning edukasyonal lamang ninyo. Hindi ito dapat gamitin bilang giya/o pagpapasiya ng aktwal na mga pagpipilian o desisyon sa panggagamot. Ang anumang gayung mga desisyon ay kailangang ginawa ayon sa payo ng doktor na nanggagamot sa inyo o ibang mga propesyonal sa kalusugan.

Mga panganib

Ang Australya ay isa sa may pinakaligtas na mga suplay ng dugo sa buong mundo, ngunit, tulad ng ibang pamamaraang medikal, ang pagsasalin ng dugo ay hindi kumpletong ligtas sa panganib.

Kasama sa mga pakaraniwang panganib sa pagsasalin ng dugo ay:

- Mga bahagyang reaksiyon kasama ang bahagyang temperatura, o pamumula ng balat
- Sobrang likido na nagiging sanhi ng hirap sa paghinga, lalo na sa mga matatanda ng pasyente at sa mga may sakit sa puso.

Kasama sa ibang hindi masyadong pangkaraniwang mga panganib sa pagsasalin ng dugo ay:

- Pagtanggap ng dugo na hindi 'katugma' sa inyo
- Matinding mga reaksiyon, halimbawa, alerdyi o maselang pinsala sa baga
- Transmisyon ng impeksyon, halimbawa, bakteryang o mga bayrus.

Pagpayag

Ang paggamot ay sa inyong kapasalahan Bago kayo salinan ng dugo, kailangang hingin muna ang inyong pagpayag. Gamitin ang madaliang tsiklist na ito upang tulungan kayo sa inyong pagpili.

- Alam ba ninyo kung bakit ang isang pagsasalin ng dugo ay inirekomenda?
- Nagtanong ba kayo tungkol sa mga pamamaraan upang maiwasan o mabawasan ang pagsasalin ng dugo?
- Nauunawaan ba ninyo ang mga panganib?
- Nasagot ba ang lahat ng inyong mga katanungan?

Kung kayo ay magkakaroon ng pagsasalin ng dugo

Bago ang pagsasalin ng dugo, ang mahigpit na pagsusuri ng inyong pangalan at petsa ng inyong kapanganakan ay ginawang muli. Dalawang miyembrong kawani ang gagawa nito para sa inyo. Kung kailangan ninyo ng mas mahigit sa isang bag, o uri ng mga produkto ng dugo, ang kawani ang laging magsusuri nito.

Ang kawani rin ang maingat na magmomonitor sa inyo kung may anumang problema habang sinasalinan ng dugo. Ang ibig sabihin nito ay titingnan niya nang tuwina ang inyong pulso, presyon ng dugo

at temperatura. Karamihan sa mga tao ay walang kakaibang nararamdaman habang sinasalinan ng dugo, ngunit kung kayo ay nakakaramdam ng hindi mabuti sa anumang paraan, sabihin kaagad sa kawani.

Maaari kayong magkaroon ng pagsasalin ng dugo at kaagad makaalis ng ospital. Bago kayo umalis, kausapin ang kawani kung ano ang gagawin kung sumama ang inyong pakiramdam pagkatapos.

Pagharap sa mga pagkabahala

Kung kayo ay nababahala sa anumang oras, mahalaga na kayo ay magsalita. Sabihin sa kawani ang tungkol sa inyong mga pagkabahala, dahil ang maselang problemang medikal ay nangyayari kung nabigyan kayo ng maling dugo. Kasama nito ang:

- Kung may anumang problema habang tinitingnan ang inyong pangalan at petsa ng kapanganakan
- Kung sa inyong pakiwari ang pagsusuri ay ginawa na ng hindi tama
- Kung masama ang inyong pakiramdam anumang oras habang o matapos ang pagsasalin ng dugo.

Pangkalahatang impormasyon

Kung kailangan ninyo ng mahigit sa isang pagsasalin ng dugo, o kailangan ninyo ng regular na pagsasalin ng dugo, kailangang tuwina kayong sasailalim sa test ng inyong dugo.

Kung hindi pa kayo nagkaroon ng test at kailangan ninyo kaagad ng dugo, maaari kayong bigyan ng espesyal na uri ng dugo, hanggang magkaroon na kayo ng katugmang dugo na makukuha.

Ang mga detalye ng pagkakakilanlan ay kailangang palagiang sinusuri ng ibang tao, tulad ng katulong na tao, miyembro ng pamilya o ibang miyembro na kawani.

Tungkol sa Blood Watch

Ang Blood Watch ay isang programa na pinamamahalaan ng Clinical Excellence Commission. Naglalayon ito na mapabuti ang mga gawain sa klinika na may kinalaman sa medesina sa pagsasalin ng dugo.

Itinataguyod nito ang mga estratehiyang medikal at pagtititist upang mahusay na pamamahalaan ang mga pinagkukunan ng donasyon ng dugo at ang sariling dugo ng pasyente, upang mapabuti ang kalalabasan ng bawat pasyente.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang Blood Watch, mangyaring bisitahin ang

<http://www.cec.health.nsw.gov.au/programs/blood-watch>

A General Guide to Blood Transfusion: Information for Patients and Families, Released March 2014, © Clinical Excellence Commission 2014. SHPN (CEC) 140094